**PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN,TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG ABRIL 8, 2014 NA *GINANAP SA BULWAGAN KAPULUNGAN* NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

**DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg.. *Carlito G. Gonzaga* | *-Pang.PunongBayan/Tagapamatnugot* |
| Kgg.. Jan Victor B. Cabitac | - Konsehal |
| Kgg. Archie L. Calderon | - " |
| Kgg. Sharon DL. Macabebe | - " |
| Kgg. Michell B. Bermundo | - " |
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion, Jr. | - " |
| Kgg. KristoferCharls S. Esguerra | - " |
| Kgg. Joseph Z. Valera | - Pangulo Liga ng Barangay |

---

Iniakda at naitaguyod ni: Konsehal Sharon DL. Macabebe

Kasamang nagtaguyod : Pang.Punong Bayan Carlito G. Gonzaga
Lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan

- ---------- --

**<u>KAPASYAHANG BILANG 126</u>**

**PAG-AMIENDA NG KAPASYAHAN BILANG 85, TAONG 2008**

SAPAGKAT, ang kapasyahan bilang 85, na naitaguyod ng taong 2008 ay minarapat na amiendahan ayon sa pangangailangan;

SAPAGKAT, marapat lang mabago ang ilang probisyon ng nasabing batas, ayon sa naitakdang nilalaman ng panibagong kasunduan;

SAPAGKAT, minarapat na itala sa ilalim ng ikalawang probisyon ng Pinagpasiyahan ang nasabing hangarin;

KUNG KAYA MINARAPAT, ng ika-siyam (9) na kasalukuyan Sangguniang Bayan ng Taytay na itala na sa ngayon ang Kapasiyahan Bilang 85 ng taong 2008 bilang ganito;

**ISANG KAPASYAHAN NA MAGBIBIGAY NG LIBRENG PANONOOD NG SINE SA SM CITY TAYTAY, MULA SA PAMUNUAN NG KANILANG SM CINEMA, PARA SA LAHAT NG SENIOR CITIZENS NA NANINIRAHAN SA BAYAN NG TAYTAY**

SA KADAHILANANG, ang isa sa mga tungkulin ng Pamahalaang Bayan ng Taytay ay gumawa ng mga proyektong magbibigay ng mga programa at benepisyo para sa ating mga Senior Citizens;

SA KADAHILANANG, ang mga Senior Citizen na residente ng Bayan ng Taytay ay malaki ang naitulong sa pag-unlad ng ating pamayanan, na magpasa-hanggang ngayon ay patuloy na sumusuporta sa ating lokal na pamahalaan.

SA KADAHILANANG, nararapat lamang na mabigyan sila ng mga proyektong kapaki-pakinabang sa larangan ng paglilibang;

KAYA'T PINAGPASYAHAN, katulad ng pagkakapasiya na nagbibigay ng libreng panonood ng sine ng SM Taytay sa lahat ng Senior Citizens na residente ng Bayan ng Taytay. Kaugnay nito, ang lahat ng ating Senior Citizens ay kinakailangang sundin ang mga sumusunod na mga panuntunan at gabay sa panood ng libre sa mga sinehan ng SM City Taytay.

1. Tuwing Lunes at Martes ay pinapahintulan manood ng libreng pelikula sa anumang sinehan ng SM City Taytay ang mga Senior Citizens ng Taytay, Rizal. Isa ito sa inyong benepisyo bilang nakatatandang mamamayan ng Rizal handog ng SMTT at ng Pamahalaang Bayan ng Taytay.

2. Ang lahat ng oras na napapaloob sa nakatakda ng pagpapalabas ng SM Cinema Taytay tuwing Lunes at Martes ay buong pinagkaka-loob sa lahat ng Senior Citizens ng Taytay, Rizal.

3. Kailangan ipakita ang Municipal Senior Citizen ID at ang ibibigay na papel ng opisina ng Cinema/Sinehan bilang tiket bago pumasok ng sinehan upang maiwasan ang pagkalito ng mga ushers at porters ng SMTT Cinema. Sa pangyayaring naiwan ang Senior Citizen ID, maaaring ipakita ang purchase booklet at isa pang ID with picture na magpapatunay ng pagmamay-ari ng booklet. Maging ang mga Senior Citizen ay inaasahang dumaan sa ticket booth bago pumasok ng sinehan upang makita ng Ticket Seller ang inyong ID o ano mang patunay na kayo ay isang Senior Citizen ng Taytay, Rizal.

4. Sa De Luxe o sa ibabang lugar/upuan ng sinehan lamang maaring maupo ang mga Senior Citizens. Kung hinihiling po ng sino mang Senior Citizen na maupo sa Premier o itaas ng lugar/bahagi ng sinehan, kayo po ay hinihiling na magbayad ng halagang sampung piso (P10.00) bilang partisipasyon sa panonooran ng SMTT.

5. Binibigyan po ng pahintulot na ulitin ng isang beses ang pelikula kung sa oras ng pagpasok ay hindi nasimulan ang unang bahagi, kabilang na ang trenta (30) minutong palugit sa pagpasok ng walang bayad.

6. Ipinapaunawa pong maaring dalhin ang ano mang uri ng inumin maliban sa alak o ano mang inuming nakalalasing at canned softdrinks gaya ng mga *sumusunod: beer, canned beer, whisky, brandy, coke in can o ano mang inumin* na nasa lata. Sa mga pagkain pong masarsa, masabaw o mamantika ito ay hindi rin dapat bitbitin sa loob ng sinehan gaya ng gravy, lugaw, saging o ano mang karneng prito at pagkaing nakadudulas sa sino mang maaring makatapak na manonood na nasa loob ng sinehan. Makabubuti pong tuyong pagkain o "dry food" ang bitbitin sa loob ng sinehan. Iniiwasan po ang ano mang abala sa mga manonood at ito ay para din sa inyong kaligtasan bilang isang nakatatandang manonood.

7. Ang panonood ng libreng pelikula sa ano mang sinehan ng SMTT ay kusang loob na pinagpasiyahan ng bawat Senior Citizen ng Taytay kung kaya't ano *mang hindi inaasahan pangyayari ay hindi sagutin* ng pamunuan ng SMTT at Pamahalaang Bayan ng Taytay.

8. Ang lahat ng Senior Citizen na nagnanais manood ng libreng pelikula sa SMTT ay kinakailangan sumunod sa mga panuntunan sa panonood na itinakda ng SM Cinema, at ang pamamaraan ng pagpapapasok ng manonood ay nasa direksyon ng SM Cinema Management.

KAYA'T PINAGPASYAHAN, katulad ng pagkakapasiya na nagbibigay ng libreng panonood ng sine ng SM City Taytay sa lahat ng Senior Citizens na residente ng Bayan ng Taytay.

PINAGPASYAHAN PA, katulad ng pagkakapasiya na ipadala ang sipi ng kautusang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY, ngayon ika-8 ng Abril, 2014. Dito sa Silid Pulungan ng Pamahalaang Bayan ng Taytay, Rizal.

Fernando R. Cabitac, Jr.

**FERNANDO R. CABITAC, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:**

**KGG. CARLITO G. GONZAGA**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapamatnugot